| ADHIKAIN 1: | **1. Tapusin ang Pagitan ng Magagawa Kasama ang Matayog na Inaasahan para sa Lahat**<br>Ang lahat ng antas ng samahan ay magtutulungang mapabuti ang magagawa ng mag-aaral at tapusin ang pagitan ng magagawa para sa lahat ng mabagal matutong grupo ng mag-aaral. | Kaugnay na Uunahin ng Estado at Bayan:<br>Estado: 1 2 3 4✔ 5 6 7 8✔<br>Bayan: 1✔ 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 |
|---|---|---|

| **Mga Susukatin** | Mga Hakbang | Pinondong Gagastusin |
|---|---|---|
| **1. Hanay ng EL reclassification** at bilang sa antas ng paaralan at distrito - Basehang guhit + 20%.<br>**2.** Ang mga EL ay gumagawa ng kahit isang Pagsulong sa isang taon sa pag-aaral ng English - Basehang guhit + 10%.<br>**3. Nagkakamit ng Karunungan sa English ang mga EL** - Basehang guhit + 10%.<br>**4.** Natatanging Pag-aaral: Tamang paggrupo ng mga mag-aaral sa hanay ng pagsangguni at pagkilala - Bubuo ng basehang guhit.<br>**5.** Antas ng pagbasa sa Baitang TK hanggang 3. Basehang guhit + 10%.<br>**6.** Mga sukatan ng maagang pag-aaral – Basehang Guhit + .25<br>**7. California Assessment of Student Performance and Progress** - Bubuo ng basehang guhit.<br>**8.** Ang distrito ay bumuo ng mga pagtasa - Basehang guhit + 10%.<br>**9. Hanay ng magsisipagtapos sa Mataas na Paaralan** - Basehang guhit + 2 pt.<br>**10. Hanay ng bumabagsak sa Mataas na Paaralan** - | **1.1. Maraming mga Pamagitan at Datus**<br><br>a) Ang mga paaralan ay gumagamit ng mga panghubog na pagtasa upang gumawa ng mga balak sa pag-aaral, bumuo ng mga adhikain kasama ang mga mag-aaral, sumubaybay ng pagsulong, at tasahin ang kahusayan ng mga plano sa katapusan ng taon.<br><br>b) Ang mga kawani sa sentral na tanggapan ay sumusuporta sa mga area superintendents, mga punong-guro, at mga kawani sa paaralan upang gumamit at bumuo ng isang kultura ng mga pagsusuri sa mga datus sa lahat ng mga paaralan.<br><br>c) Magkakaroon ng isang Pre-K-12 Student Assessment Taskforce upang bumuo ng nauunawaang plano sa pagtasa sa PreK-12 para sa distrito. Ang Taskforce ay kikilala ng mga pangunahing pagkilala sa kaalamang kailangang lumikha ng ganap na balangkas ng pag-aaral ng mag-aaral at makikita ang magagawa ng mag-aaral kahit na sa isang marka lamang ng pagsusulit. .<br><br>d) Bumuo, sumubaybay, at ayusin ang isang sistemang magbibigay-kaalamang karunungan na magkakaloob para sa tamang panahong datus, pag-uulat, at lupong sanggunian.<br><br>e) Ang mga Tagapamahala sa Bawa't Paaralan, Tagapangasiwa sa bawa't Paaralan, English Learner Support Teachers (ELSTs), mga guro sa silid-aralan, Instructional Leadership Teams (ILTs), Professional Learning Communities (PLCs),ay sinusuri ang datos at palaging tinatalakay ang pagsulong ng mag-aaral at gagamitin ang datos sa: (a) pagsubaybay ang pagsulong nga mga English Learners kabilang ang mga *long-term English Learners* (LTELs) at mag-aaral na reclassified, b) kinikilala ang mga madalian at matagalang pangangailangan ng mga English Learners (ELs), and (c) kilalanin ang mga tuwirang hakbang na nakabalangkas para lumayog na matuto sa wika at para sa mga pag-aaral ng mga EL. (Tunghayan Hakbang 1.8)<br><br>f) Ang mga tagapangasiwa sa bawa't paaralan at mga guro sa silid-aralan ay palaging magsusuri ng datos sa mga nagagawa ng mga mag-aaral na African, African American, at Latino. Ang mga banghay ng suporta ay binubuo, isinasagawa, at sinusubaybyan sa lahat ng magagawa, pagpasok, at pag-uugali. (Tunghayan sa Hakbang 1.10)<br><br>g) Ang mga tagapangasiwa sa paaralan at mga guro sa silid-aralan ay palaging nagsusuri ng mga datos sa magagawa ng mga mag-aaral na may kapansanan. Ang banghay ng suporta ay binubuo, isinasagawa, at sinusubaybayan sa lahat ng magagawa, pagpasok sa paaralan at pag-uugali. (Tunghayan sa Hakbang 1.7) | |
| | **1.2. Suporta para sa mga Programang Maagang Pag-aaral**<br>a) Bumuo at magsagawa ng mahusay na nailarawang daan mula pre-school hanggang baitang 12, kabilang ang | |

WORKING DOCUMEN

| | | |
|---|---|---|
| Basehang guhit - 10%.<br>**11. Resulta ng Programa sa Maagang Pagtasa** - Basehang Guhit + 20%.<br>**12. Hanay ng bumabagsak sa Middle school** (Baitang 8) - Basehang Guhit - 20%.<br>**13. Academic Performance Index** (pinahihintulutan sa AB484) - Gagawa ng basehang guhit kapag mayroon.<br>**14. Karunungan sa Kultura** - Gagawa ng basehang guhit Basehang Guhit para sa kabahaginan ng sumasaling kawani ng distrito sa pagsasanay sa karunungan sa kultura. | pangunahing pagtuturo ng wika (hal. programang biliteracy at pagtuturo ng dalawang wika).<br>b) Mababang laki ng klase sa baitang Transitional Kindergarten (TK) – Grade 3<br>c) Developmental Reading Assessment (DRA - at/o Spanish bersiyon - Evaluación del desarrollo de la lectura -EDL) ay ibibigay sa lahat ng mag-aaral sa TK-3 upang subaybayan ang pagsulong ng pagbasa at magkaloob ng magkakaibang suporta kung kinakailangan.<br>d) Lahat ng mga mag-aaral sa TK-3 ay tatanggap ng pagtuturo sa maliliit na grupo, sa mga wikang ituturo, upang tiyaking ang mga mag-aaral ay marunong bumasa sa baitang 3.<br>e) Magkaloob ng tinatarget na pamagitan at suporta para sa mga nanganganib na mag-aaral, kabilang ang suporta sa mga wika ng pagtuturo at/o pangunahing wika.<br>f) Magkaloob ng dalubhasang paglinang para sa mga guro na nakatutok ang pagtuturo, pamagitan, at suporta sa mag-aaral.<br>g) Pabutihin ang ibubunga para sa mga mag-aaral ng TK at K na may kapansanan sa pagkakaloob ng paggamit ng mga pagkakataon sa pag-aaral na nararapat sa gulang ng mga kababatang walang kapansanan, (Tunghayan ang Hakbang 1.7)<br>h) Magkaloob ng mga pamaraan sa pakikipag-ugnayan at pagrekrut upang tiyaking ang lahat ng karapatdapat na mag-aaral ay sasali sa pre-K at TK. (Tunghayan ang Hakbang 1.10 and 5.4) | |
| | **1.3 Suporta sa Paggamit ng Mataas na Antas ng mga Aralin Tungo sa Pagtatapos ng Mag-aaral sa Mataas na Paaralan**<br>a) Lahat ng mag-aaral sa middle at mataas na paaralan ay may 6 o 4 na plano ng taon, na malinaw na naipaliwanag ang mga kurso na tatapusin ng mag-aaral upang makatupad sa mga kailangan sa pagtatapos/A-G.<br>b) Ang mga tagapayo at kawaning sumusuporta ay susubaybayan ang pagsulong ng mag-aaral tungo sa pagtatapos at ang paggamit sa makabagong paraan.<br>c) Ang tanggapang sentral at mga kawani sa mataas na paaralan ay nagtutulungang makilala at maisagawa ang pinakamahusay na kinaugaliang magpapabuti sa kalalabasan para sa mga mag-aaral sa ika9 na baitang sa awa't mataas na paaralan.<br>d) Ang mga paaralang may mataas na bilang ng mag-aaral na hindi magtatapos ay magkakaroon ng karagdagang tagapayo sa ika-9 at 10 baitang upang suportahan ang mga mag-aaral upang manatiling magpapatuloy at malinang ang kulturang patungo sa kolehiyo.<br>e) Karagdagang pondo sa Tagapayo apy ipagkakaloob sa lahat ng paaralang middle at mataas na paaralan.<br>f) Ang mga Tagapamahala ng mga Paaralan, Punong-guro, Secondary Resource Office, at mga tagapayo (kasama ang e Special Education Department at Office of Language Acquisition) ay nagtutulungang matiyak ang nararapat na balangkas, suporta, at pagkukunan ay nasa tamang lugar upang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay ginatamit ang isang mahusay na A-G coursework, suporta at pamagitan, nasa tamang landas sa pagtatapos, at handa para sa mga pagkakataon sa kalehiyo at karera.<br>g) Design and Pilot High School Innovation Centers. Ang mga lugar na ito ay nakabanghay na matupad ang lubos na pangangailangan ng mga mag-aaral tungo sa pagtatapos sa kolehiyo at handa sa karera. Ang Pagpapayaman, Pagsulong, at Pamagitan ay nakalaan sa lahat ng mag-aaral na nagnanais o nangangailangan ng suporta. | |
| | **1.4 Karagdagang Alokasiyon sa Paaralan para sa Maraming Uri ng Suporta**<br>Ang mga paaralan ay nagkakaloob ng maraming uri ng suporta, kabilang ang magkakaibang kinaugaliang pagtuturo, upang maibigay ang mga pangangailangan ng mga nag-aaral.<br>a) Ang lahat ng paaralan ay tumatanggap ng karagdagang LCFF alokasiyong nakabahagi sa bilang ng kanilang English Learners (EL), Foster Youth (FY), at Low-income (LI) students. Ang bawa't paaralan ay namimili ng | |

WORKING DO

| | | |
|---|---|---|
| | nararapat ng suporta at paglilingkod (Pamagitan, Suporta sa Silid-aralan, at/o Dalubhasang Paglinang) upang maibigay ang tuwirang pangangailangan ng kanilang mag-aaral na EL, FY, at LI.<br>b) Alokasiyon ng Title I: Ang karapatdapat na mga paaralan tu tumatanggap ng karagdagang Title I na pondo, nakabahagi sa bilang ng kanilang mag-aaral na mahihirap. Ang bawa't paaralan ay nagkakaloob ng karagdagang paglilingkod, suporta, at mga pamagitan sa pagtuturo upang maragdagang bumuti ang magagawa ng mag-aaral. | |
| | **1.5 Karagdagang Pamagitan at Suporta sa Mag-aaral**<br>a) Ang Supplemental Educational Services ay nagkakaloob ng pagtuturo at karagdagang suporta sa mga aralin para sa mga karapatdapat na mag-aaral ng Title I.<br>b) Aralin sa Tag-init – upang suportahang mabuo ang mga kailangan upang makapagtapos at sa tamang panahon, makapagbigay ng mga pangangailangan sa mga mag-aaral na may kapansanan, at mga pagkakataon para suportahan at makapagsulong para sa mga mag-aaral na EL.<br>c) Magkaroon ng Grad Coaches upang makapagtapos sa tamang panahon<br>d) Mga pagkakataong makapag-aral Online<br>e) Pagpapayo upang suportahan ang pag-aaral, pandamdamin, at personal na pangangailangan ng mga mag-aaral. (Tunghayan ang Hakbang 4.1)<br>f) Sasamahan ng tagaturo ang nanganganib na kabataan upang subaybayan ang pagpasok, ugali at nagagawa sa paaralan (Tunghayan ang Hakbang 4.1)<br>g) Palwakin at suportahan kagamitang 1 sa 1 upang malaman ang pag-aaral at ang anumang oras na paggamit ng pag-aaral. | |
| | **1.6 Karunungan sa Kultura**<br>a) Magkaloob ng pagsasanay sa karunungan ng kultura na kikilala ng kaugaliang personal na kinikilingan at may kinikilingan at matutunan ng mga kawani ang mabisang pakikitungo sa magkakaibang mag-aaral, kawani, at pamilya sa loob ng distrito.<br>b) Sa pamamagitan ng sinasalaming pagkakapantay, pagsusubaybay, pagsasaayos ng mga patakaran ng distrito at paaralan, ugaliing magkaroon ng kaisipang may pananagutan sa mga karanasan at magagawa sa lahat ng mag-aaral sa bawa't paaralan. | |
| | **1.7 Karagdagang Suporta para sa mga Mag-aaral na may Kapansanan**<br>Magkaloob ng pinabuting kalalabasan at tapusin ang pagitan ng magagawa para sa mga mag-aaral na may kapansanan, ang Special Education Department ay mangangasiwa, babanghay, at magkakaloob ng para sa mga programang nararapat sa gulang, mga paglilingkod, at suporta na maglilinang, magsasagawa, at susubaybay sa mga mag-aaral; Ipinanganak hanggang gulang 5, TK – 12, at gulang 18 – 22. Mga programa at paglilingkod ng programa ay kabilang:<br>a) Special Education Teachers at Assistants (hal. Malumanay/Katamtaman, Katamtaman/Malubha, Resource Specialists, Bingi at Mahirap Makarinig).<br>b) Karagdagang Paglilingkod na Tulong sa Mag-aaral (hal. Occupational Therapy, Physical Therapy, Speech and Language, at Mahirap Makakita.<br>c) Tulong sa Pagtuturo:<br>▪ Ang kawaning tumutulong ay kikilalanin, lilingangin, at magkakaloob ng dalubhasang paglinang, pagtuturo, at mga gamit at pagkukunan sa pagtuturo.<br>▪ Ang Tagapangasiwa ng Paaralan ay magkakaloob ng patnubay, pamuuno, at suporta sa bawa't Gawain. | |

WORKING DOCUMENT

- Ang Lupong Special Education Trans-disciplinary ay magkakaloob ng pagsasanay at suporta sa mga paaralan para sa mga English Learners na may kapansanan at susubaybayan at aayusin ang isang prosesong ganap na pagtasa para sa pagsangguni, pagkilala, at pagtakda ng lugar, at ang nararapat na paglilingkod.

d) Mabubuting kasangkapan, kagamitan at pagkukunan upang matugunan ang pagtuturo o pangangailangan ng mga mag-aaral.

e) Mga Dibdibang Tagasalin ng wika, matatas na nakikipag-ugnayan ng mga bagay sa special education.

f) Suporta mula sa tanggapang sentral sa pagsasagawa ng programa, suporta, at lahat ng pagmamasid para sa mga ipinatutupad ng estado at pamahalann.

g) Espesyal na mga Lugar (hal. Riley, New Dawn)

**1.8 Karagdagang Suporta para sa mga English Learners (EL)**

a) Mga tulong sa English learner na magkakaloob ng nakatutok na suportang nakalaan sa:
- Pagbuo ng mataas na pakikilahok ng ELAC,
- Nadaragdagang bilang ng Reclassification,
- Suporta sa taonang pagsusulit ng Karunungan sa English,
- Kasagutan sa Instruction and Intervention (RTII) para sa magagawa ng English Learner
- Mahuhusay na kaugaliang susuporta sa mga English Learners

b) Ang mga Area superintendents, Common Core Cluster Support Teachers (CCCST), English Learner Support Teachers (ELSTs), sa pakikipagtulungan ng Office of Language Acquisition EL resource teachers at kawani ay bubuo at susuporta sa isang kapulungan ng mga paaralan (na mataas ang pagtutok sa mga matagalang English Learners) na nakatutok sa pag-iwas sa at kaagad na suporta para sa mga matagalang English Learners at mga nahihirapang mag-aaral na reclassified.

c) Kikilos ang mga ELSTs kasama ang mga Area Superintendents, Punong-guro, common core cluster support teachers, EL resource teachers, at mga guro sa silid-aralan na lilinang at magsasagawa ng nakatutok sa lawak na nabanggit sa itaas.

d) Magtaguyod ng pinagbuting paglinang na wikang English, magkaloob sa mga English learners ng nararapat na *Dedicated* and *Integrated* English Language Development (ELD)* hanggang sila ay makilalang mahusay sa English:
- Mga Paaralang Elementarya: magkaloob ng araw-araw, Dibdibang pagtuturong ELD sa antas na Marunong.
- Mga Paaralang Middle at Senior High: Talakdaang maging mahusay na magkakaloob ng nararapat na antas, bilang, at bahagi ng Dibdibang ESL upang suportahan ang pumapasok na mga EL.
- Mga Bagong Lugar: Itutok ang mga paaralan sa mataas na bilang ng kamakailang pagdating/immigranteng mag-aaral; magkaloob ng araw-araw, dibdibang pagtuturo ng English bilang Pangalawang Wika (ESL).
- K-12, Integrated ELD (academic language development sa lahat ng pagdisiplina)
- *Tunghayan sa California Department of Education (CDE) – English Language Arts (ELA)/ELD Framework.

e) Magkaloob para sa pinagbuting kalalabasan para sa mga EL, ang Office of Language Acquisition ay nakikipagtulungan sa mga kawani ng distrito ay bumabalangkas, nangangasiwa, sumusuporta, at nagkakaloob para sa: mga pagkakataon sa pag-aaral, mga programa sa pagtuturo, mga suporta at paglilingkod para sa mga English learners at Reclassified students, mga programa sa wika para sa TK-12 (hal. biliteracy, dalawang wika, pangalawang wika sa mundo), at tinututukan ang mga ipinatutupad ng estado at pambansang pamahalaan.

f) Patuloy na magkaloob at magpalawak ng paggamit sa mga kursong espesyal sa middle at senior high upang itaguyod ang magagawa ng EL, kabilang:
- Academic Language Development (ALD)
- Spanish para sa mga Spanish Speakers

| | | |
|---|---|---|
| | g) Magkaloob ng mga pagkakataon sa mga ESL sa mga paaralan sa tag-init o pagsulong na magkakaloob sa mga EL na magamit ang mga daan na magbibigay sa tamang panahong makapagtapos sa distrito/mga ipinatutupad na A-G. (Tungayan ang Hakbang 1.5)<br>h) Magkaloob ng tagasalin ng wika para sa mga pamilya. (Tunghayan ang Hakbang 5.3) | |
| | **1.9 Karagdagang Suporta Para sa mga Inampong Kabataan**<br>a) Magkaloob ng mga resource teachers na susubaybayan sa pagsulong sa pag-aaral, datos ng pag-uugali, at pagpasok sa paaralan ng mga inampong kabataan sa mga paaralang madalas na nangyayari.<br>b) Samahan ng isang gurong nagtuturo ang nanganganib na kabataan upang masubaybayan ang pagpasok, pag-uugali, at ang nagagawa sa paaralan. (Tunghayan ang Hakbang 4.3) | |
| | **1.10 Karagdagang Suporta sa mga Mag-aaral na African, African-American, at Latino**<br>a) Simulang ang pagsasagawa ng Pledge to Improve the Achievement of Young Men of Color Plan, kabilang:<br>▪ Magkaloob ng pamaraang pakikipag-ugnayan at pagkalap ngkatiyakang lahat ng karapatdapat na mag-aaral ay sasali sa pre-K at TK. (See Action 1.2)<br>▪ Mangalap ng mga guro at kawani na mahuhusay at may katangian ng karunungan sa kultura upang makapag-usap sa magkakaibang mag-aaral. (Tunghayan ang Hakbang 3.1 at 4.6)<br>▪ Sa pakikipagtulungan ng Race Human Relations and Advocacy, tanggapang sentral at kawani ng paaralan, magkaroon ng kakayahan ang lahat ng kawani na makisalamuha sa magkakaibang mag-aaral, pamilya, at kawani. (Tunghayan ang Hakbang 1.6 at 4.4)<br>b) Ang mga tagapangasiwa at mga guro ng silid-aralan ay madalas na susuriin ang mga datos sa nagagawa ng mga mag-aaral na African, African American, at Latino. Ang mga banghay ng suporta ay bubuuin, isasagawa, at susubaybayan sa lahat ng nagagawa, pagpasok, at pag-uugali. (Tunghayan ang Hakbang 1.1)<br>c) Palawakin ang Restorative Justice and Positive Behavior and Intervention Support (PBIS) na magtaguyod ng suportang mabisa at mabuting pag-uugali. (Tunghayan ang Hakbang 4.1) | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| **ADHIKAIN 2:** | **2. Paggamit sa isang Malawak at Mapaghamong Kurikulum**<br>Ang mga mag-aaral ay may pantay na paggamit sa ganap, mahusay, nakahanay sa kurikulum na mga pamantayan at paggamit sa at kakayahang ilapat ang mga teknolohiya upang matuto, matiyak ang kahandaan para sa isang lubos na hanay ng mga pagpipilian pagkatapos ng pagtatapos. | Kaugnay ng Uunahin ng Estado at Bayan:<br>Estado: 1☐ 2☐ 3 4 5☐ 6 7☐ 8<br>Bayan: 1 2☐ 3 4 5 6 7 8 9 10☐ 11 12 |

| Mga Susukatin | Mga Hakbang | Pinondong Gagastusin |
|---|---|---|
| 1 **Magagamit na mga kagamitan sa pagtuturong nakahanay sa mga pamantayang** - Panatilihin sa 100%.<br>2 **Pagkabuo ng kursong A-GC na may markang C o mas mataas -** Basehang guhit + 10%.<br>3 Pagbuo sa magkasunod-sunod na kurso (a-g) ng distrito kabilang sa ipinatutupad ng pagtatapos sa distrito para sa mga klase ng 2016 at sa susunod - maragdagan ang kabahaginang Klase ng 2016 na tutupad sa mga kurso ng distrito (a-g) na magtatapos na 20% ng basehang-guhit. Maragdagang ang mga papasok at hanay ng daan sa advanced coursework (hal., **AP**, IB, honors, at mga kurso sa kolehiyo ng bayan) – Basehang guhit + 10%.<br>4 Pagbuo ng magkakasunod na kursong Career Technical Education (CTE) (mga seniors papasa ng 3 o o | **2.1 Mga Daang Paghahanda para sa Kolehiyo at Karera**<br>a) Magkaloob ng matatag, tama, at maliwanag na mga programa at kursong daan sa loob at sa lahat ng antas na baitang.<br>b) Mga talakdaang titiyak sa paggamit ng mga kursong A-G papunta sa pagtatapos at paghahanda sa kolehiyo/karera para sa lahat ng mag-aaral sa mataas na paaralan at lahat ng grupo ng mag-aaral.<br>c) Ang mga kawani ng paaralan ay susuporta sa mga mag-aaral at pamilya sa pagplano at pagsubabay ng mga kuros sa paghahanda sa kanila sa pagtatapos at mga pagkakataon pagkatapos ng pagtatapos (hal., 4-6 Year Plan, Naviance). | |
| | **2.2 Pinagyaman at Pinagbuting mga Pagkakataon sa Pag-aaral**<br>a) Ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng paggamit sa mga advanced courses at mga pagkakataon sa pag-aaral (hal., Advanced Placement - AP, International Baccalaureate - IB, Honors, College Courses, at Gifted and Talented Education - GATE).<br>b) Magkaloob ng matatag at tamang pinabuti/karagdagang mga pagkakataon sa pag-aaral kabilang ang: Linked Learning, Career and Technical Education (CCTE), Junior Reserve Officer Training Corp (JROTC), Gifted and Talented Education (GATE), Advanced Placement (AP, International Baccalaureate (IB), Biliteracy, Dual Language, at World Language Programs, Visual and Performing Arts (VAPA), Instructional Music, Advancement Via Individual Determination (AVID), Science Technology Engineering Arts Math (STEM/STEAM), Physical Education (PE), Athletics, at mga panlabas na mga pagkakataon sa pag-aaral.<br>c) Gumawa ng mga kurso ng aralin sa pag-aaral sa lahi na tutugon sa mga ipinatutupad na A-G sa kasaysayan. Sisimulan ang pagsasamahan sa San Diego Community College District ng pagkakaloob ng mga kurso.<br>d) Gumawa ng plano na magliliwanag, magbabago, at magpapabuti ng programang GATE ng distrito. | |
| | **2.3 Nakahanay na Kurso ng Aralin at Kurikulum ng Distrito**<br>a) Suriin, baguhin at subaybayan ang kurso ng aralin ng distrito upang lubos na ihanay sa Common Core and ELD State Standards, ng Next Generation Science Standards (NGSS), at ng mga ipinatutupad na mga araling A-G ng University of California/California State University (UC/CSU).<br>b) Gumawa at ayusing ang mga nakahanay na mga pamantayan, pangunahing kabuuan at kurso, mapa ng kurikulum, mga kasangkapan, at mga patnubay kabilang ang paggamit ng mahuhusay na kasangkapang digital at mahuhusay na mga pagkukunan sa online na magagamit sa mabisang pagtuturo at pag-aaral ng magkakaibang grupo.<br>c) Ang lahat ng antas ng pamumuno at kawani ay gumagawa at nagsasakatuparan ng kurikulum, at ang mga nakalap na pagtuturo at pagkukuhanan na magkakaloob ng mga programa at paglilingkod na tutugon sa mga pangangailanang ng mga mag-aaral sa bayan na kanilang pinaglilingkuran. | |
| | **2.4 Mga Pagkukunan at Kagamitan sa Pagtuturo** | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| higit na kurso) - Basehang-guhit + 20%.<br>**5** Pagkakaroon ng kapaligirang digital - Panatilihingg 100% ng mga silid-aralang nakalaan sa teknolohiyang pagtuturo. | a) Kilalanin at magkaloob ng mga kagamitan at pagkukunan na nakahanay sa mga pamantayan.<br>b) Palawakin ang mga pagkukunang digital kabilang ang tamang panahong pagpalit ng mga kagamitan ng guro at mag-aaral, gayundin ang pagpanatili at pagbabago ng imprastrakturang teknolohiya.<br>c) Magkaroon ng karagdagang paggamit sa mga aklatan ng paaralan.<br>d) Magkaroon ng karagdagang paggamit sa aklatang online, nakalaan sa anumang oras, at mga aklatan ng bayan sa pamamagitan ng pagsasamaha.<br>e) Mga Kasangkapang Digital – dagdagan at palawakin 1:1 ang paggamit ng kasangkapang digital<br>f) Magkaroon ng mga pagkakataong pag-aaral sa online - pareho para sa mga mag-aaral at kawani | |
| **6** Surbey sa mga Guro (i21) - Basehang-guhit + 10%.<br>**7** Kabahaginan ng mga mag-aaral na tumatanggap ng Markang D at F. Basehang-guhit – 10%<br>**8** Kabahaginang ng mga mag-aaral na tumatanggap ng Seal of Biliteracy. Basehang-guhit + 10% | **2.5 Karagdagang Suporta para sa mga English Learners**<br>a) Magkaloob, ayusin, at subaybayan ang pagpuwesto at patutunguhan ng kurso ng English Learner:<br>b) Tiyakin ang maliwanag na mga programa ng EL kabilang ang paggamit ng mga advanced courses at mga pagkakataon sa pag-aaral na patungo sa paghahanda para sa kolehiyo at karera.<br>c) Tiyakin ang matatag, magkakasunod na kuros ng mga aralin para sa elementarya hanggang sekondarya para sa programa ng biliteracy, dalawang wika, at wika ng mundo. (Tunghayan ang Hakbang 2.2)<br>d) Palawakin ang kursong Academic Language Development (ALD) sa maraming paaralang middle at high schools na may mga LTEL.<br>e) Ang mga paaralang elementarya ay magkakaloob ng dibdibang pagtuturo sa English Language Development gayundin ang pagtuturong ELD na pinagsama at pinalawak at nagbibigay ng paglinang sa wikang pinag-aaralan sa buong araw ng pasok.<br>f) Ihanay ang kurikulum na ESL ng distrito sa bagong CA ELD Standards at ng CA ELA/ELD Framework<br>g) Kilalanin at magkaroon ng mga gamit sa pagtuturo na nakahanay sa mga pamantayan at mga pagkukunan, kabilang ang mga gamit at pagkukunan para sa programang biliteracy at dalawahang wika. (Tunghayan ang Hakbang 1.8) | |
| | **2.6 Mga Programa at Paglilingkod sa Pagtuturo ng mga Mag-aaral na may Kapansanan**<br>Magkaloob ng mahusay, nararapat ng mga programa sa pag-aaral, mga paglilingkod, at suporta upang matiyak ang paggamit sa isang malawak at mapaghamong kurikulum para sa mag-aaral na may kapansanan. (Tunghayan ang Hakbang 1.7) | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| **ADHIKAIN 3:** | **3. Mabuting Pamumuno, Pagtuturo, at Pag-aaral**<br>Ang mabisang pamumuno at pagtuturo ay nakikita sa buong sistema kasama ang nagkakaisang pananaw na nagbibigay at may kapangyarihan ang lahat ng namumunong magkaloob ng lubos na mga pagkakataon at mabuting ibubunga sa pag-aaral ng mag-aaral | Kaugnay na Uunahin ng Estado at Bayan<br>Estado: 1☐ 2☐ 3 4☐ 5 6☐ 7 8<br>Bayan: 1 2 3☐ 4☐ 5☐ 6 7 8 9 10 11 12 |

| Mga Susukatin | Mga Hakbang | Pinondong Gagastusin |
|---|---|---|
| **1. Kabahaginan ng mga gurong lubos ang kredensiyal.** Basehang guhit + 10% ng (100 - basehang-guhit)<br>**2. Bilang ng gurong mali ang pagkakapuwesto -** Panatilihing - Maintain at 0%.<br>**3.** Uri ng Nagpapatuloy na Pagtuturo (Kabahaginan ng mga paaralang 'Nakakatupad') Basehang Guhit ay gagawin sa 2016-17.<br>**4.** Uri ng Nagpapatuloy na Pamumuno (Kabaginan ng mga paaralang 'Nakakatupad')- Basehang Guhit ay gagawin sa 2016-17.<br>**5.** Mga Pagkakataon sa paglinang sa pamumuno para sa mga certificated at classified na kagawad - Basehang guhit ay gagawin sa 2016-17.<br>**6.** Ang ginawang taonang Banghay ng Dalubhasang Paglinang sa Paaralan ay nabuo na. Pananatilihin 100%<br>**7.** Uri ng Dalubhasang Pag-aaral para sa lahat ng | **3.1 Kumuha, Maglinang, at Panatilihin ang mga Guro Pangsilid-aralan, Sumusuportang Kawaning Sertipikado, at Tagapangasiwa sa Paaralan**<br>a) Palawigin ang laki, katatagan, pagkakaiba-iba, at uri ng gurong nag-aaplay sa pamamagitan ng pinagbuting panawagan at suporta para sa maraming paraan sa pagtuturo.<br>▪ Maghanap ng pagpipilian sa pagkuha ng maaga, malawak na pangangalap ng mga lugar, at gamit sa paghikayat ng panawagan tungkol sa mga panghikayat at pagkakataon<br>▪ Pahabain ang pagsasamahan ng kasalukuyang tagahandang guro at samahan batay sa unibersidad na nagtataguyod sa paglinang ng guro sa mga mag-aaral mula sa magkakaibang lahi.<br>b) Tiyakin na ang pinakamahusay na kandidato ay nakikilala at inalukan ng puwesto sa tamang panahon sa pamamagitan ng higit pang maingat at nakatutok sa mabuting pagkuha ng empleyado.<br>c) Bumuo ng maagang pagnanais sa, at kakayahan sa, pagtuturo sa pagpapalakas ng kasalukuyang mga programang Pangkolehiyo.<br>d) Tuwinang pagbantay sa maaaring balakid sa patuloy na pagpapatrabaho<br>e) Tasahin ang daloy ng pagmumulan ng guro<br>▪ Alamin, subaybayan, at suriin ang datos at ang kailangan ng datos at para sa lahat ng yugto at programa sa daloy ng pagmumulan.<br>▪ Kilalanin ang mga tungkulin sa mga kasangkapan ng datos at ang pangangalap<br>▪ Makipagtulungan sa mga panlabas na kasamahan sa mga kuro-kuro at pagsusuri<br>▪ Ipagsabi at gamitin ang datos sa pagpapabuti ng mga pagsisikap | |
| | **3.2 Gumawa ng Kakayahan ng Nagsisimulang mga Guro at Gurong Nangangailangan ng Suporta**<br>a) Magkaloob ng suporta sa distrito para sa mga nagsisimulang guro, nagsasanay na guro, at mga tumutulong na kasaman na maging maburing nagtuturo sa magkakaibang grupo ng mag-aaral.<br>b) Magkaloob ng programang Beginning Teacher Support and Assessment (BTSA).<br>**c)** Magkaloob ng Peer Assistance and Review (PAR)<br>**d)** Makipagtulungan at makipagsamahan sa mga unibersidad sa paglinang ng mga guro kabilang ang mga gurong nagsasanay at gurong nag-aaral. | |
| | **3.3 Sistema ng Distrito na Bumuo ng Kakayahan sa Pagtuturo**<br>a) Magkaloob ng sistema na susuporta sa paaralan at distrito upang mapabuti ang mga kaugalian sa pagtuturo, dalubhasang pag-aaral, pagpasok sa paaralan, at tagumpay<br>b) Suporta sa dalubhasang pag-aaral sa paaralan sa pamamagitan ng Professional Learning Communities (PLCs).<br>c) Magkaloob ng suporta sa antas ng grupo at mga pagkakataon sa pag-aaral sa pamamagitan ng Common Core Support Teachers, English Learner Support Teachers, at ibang kawani ng distrito. | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| Nagpapatuloy (Kabahaginan ng mga paaralan ng 'Nakakatupad') Basehang guri ay gagawin sa<br>**8.** 2016-17. | | |
| | **3.4 Luminang ng Kakayahang Mamuno**<br>a) Ang mga tagapamahala at namumuno sa paaralan at sasali sa isang malawak na banghay ng dalubhasang paglinang upang suportahan ang pamumuno sa pagtuturong nakalaan sa pinagbuting pagtuturo at pag-aaral sa silid-aralan (hal. ang 5 Dimensiyon sa Pagtuturo at Pag-aaral, Mga Pag-ikot sa Pag-aaral, at mga Kaugalian sa Pamumuno).<br>b) Ang mga namumuno sa paaralan ay sasali sa karaniwang Professional Learning Communities na bumalangkas, gumawa ng mga aralin, pag-aralan ang datos ng mag-aaral, at sumali sa pagtutulungang pagbalangkas at proseso ng pag-aaral.<br>c) Ang suporta ay ipagkakaloob sa maraming antas ng pamumuno upang itaguyod ang mabuti at pagtutulungang ugnayan ng mag-aaral at kawani, mabuting kalagayan ng paaralan, at tagumpay sa pag-aaral ng mga mag-aaral. | |
| | **3.5 Dalubhasang Paglinang – Mga Pamantayan, Pagtuturo, at Suporta**<br>a) Ang mga paaralan ay bubuo, susubaybay, at mag-aayos ng isang Site Professional Development Plan na may maliwanag na pagbigay-diin sa pagsasagawa ng mga pangunahing batayan at mga pamantayan ng estadong ELD at mataas na antas ng magagawa ng mag-aaral.<br>b) Ang mga gurong sumusuporta sa pangunahing aralin, mga gurong sumusuporta sa mga nag-aaral ng English, at ang EL resource teachers ay nagtutulungan at gumagawa kasama ng mga punong-guro, guro at kawani ng paaralan upang bumuo ng kakayahan sa paligid ng mga kaugaliang nakatutok sa mag-aaral at pangunahing batayan ng estado, mga kabuuan, at mga Pamantayan ng ELD. (See Action 3.3)<br>c) Ang kabuuan ng dalubhasang paglinang ay sumusuporta sa mabisang pagsasagawa ng mga Pamantayan ng Estado na ELD at ipinakikita ang mga inuuna ng paaralan, distrito, at estado kabilang ang pagsamasama ng mga kagamitang digital at mga platapormang may kinalaman sa teknolohiya.<br>d) Magkaloob ng dalubhasang pag-aaral para sa mga guro ng maagang nag-aaral na nakatutok sa mahusay na pagtuturo sa pagbasa at mga pamagitang batay sa pananaliksik, kabilang ang magkaibang pagtuturo para sa mga mag-aaral sa biliteracy at dalawang wikang programa. (Tunghayan ang Hakbang 1.2)<br>e) Ang Special Education Department, ang Office of Leadership and Learning, ang Office of Secondary Support, Area Superintendents, at ang Office of Language Acquisition ay nagtutulong-tulong na suportahan ang mga paaralan sa pagkakaloob ng mahusay na dalubhasang pag-aaral at suporta sa pagtuturo sa mga mag-aaral na may kapansanan at English Learners. (Tunghayan ang Hakbang 1.7-8)<br>f) Magkaloob ng mga suporta at pagsasanay para sa guro ng espesyal at pangkalahatang pag-aaral at sumusuporta sa mga kawaning nagtuturo at sumusuporta sa mga mag-aaral na may kakaibang pangangailangan, kabilang ang mga mag-aaral na may kapansanan, English learners, at mga mag-aaral na magagaling at marurunong.<br>g) Magkaloob ng tamang dalubhasang pag-aaral para sa lahat ng sumusuportang kawani upang magkaroon ng kakayahang mabisa at makatuturang magawa ang kanilang mga tungkuling sumuporta sa pag-aaral ng mag-aaral. (Tunghayan ang Hakbang 4.5, 4.7)<br>h) Magkaloob ng dalubhasang paglinang sa lahat ng kawani sa mga batas at paksa tungkol sa mga inampong kabataan (hal., AB 490, mga ipinatutupad sa pagtatapos, pagkukunan ng pag-alaga sa nahihirapan). (Tunghayan ang Hakbang 4.3)<br>i) Magkaloob ng kailangang kaalaman, pagkukunan, at paglilingkod sa mga kawani ng distrito upang suportahan ang pag-aaral ng mga inampong kabataan. (Tunghayan ang Hakbang 4.3) | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| **ADHIKAIN 4:** | **4 Masayang Kapaligiran ng Paaralan, Kalagayan, at Kultura - na may Pantay sa mga Aralin at Suporta para sa Kabuuang Bata.**<br>Ang mga paaralan ay nagkakaloob ng matiwasay at maayos na mga gusali at masayang kalagayan ng pag-aaral at kaugalian sa pagtuturo na tumutugon sa kultura, humahamon sa pagtatangi, at sumusuporta sa pag-aaral, pakikipagkapuwa, emosyonal, at pangangailangan sa pangangatawan ng mga mag-aaral. | Kaugnay sa Uunahin ng Estado at Bayan:<br>Estado: 1✔ 2 3 4 5✔ 6✔ 7 8<br>Bayan: 1 2 3 4 5 6 7 8✔ 9 10 11 12✔ |

| Mga Susukatin | Mga Hakbang | Pinondong Gagastusin |
|---|---|---|
| 1. **Surbey sa Kalagayan ng Paaralan** - Bumuo ng kriterya at basehan ng maraming gagawin (e.g., katiwasayan mula sa surbey sa kalagayan ng paaralan.)<br>2. **Bilang ng Suspensiyon** - Basehang Guhit - 10%.<br>3. **Bilang ng Napatalsik** - Basehang Guhit - 10%.<br>4. **Bilang ng Pagpasok ng Mag-aaral** - Basehang Guhit + .25.<br>5. **Bilang ng Talamak na Pagliban** - Basehang Guhit - 10%.<br>6. **Kagamitan sa Pagsiyasat sa Paaralan** (% ng mga paaralan na nasa 'Mabuti" o higit pa) - 100% ng mga paaralang magiging "Mabuti" o higit pa sa hanay ng FIT.<br>7. Banghay ng Katiwasayan ng Paaralan – Kabahaginan ng mga paaralang tumutugon sa matiwasay na | **4.1 Magkaloob para sa Pangangailangan sa Pakikikapuwa at Emosyon: Pagpayo, Pagpatnubay, at Suporta sa Pag-uugali**<br>a) Suporta ng mga tagapayo, psychologists, at gabay<br>b) Suporta sa sistema para sa pagpasok at kapalit ng pagpuwesto sa mga mag-aaral<br>c) Karagdagang mga Tagapayo sa mga Paaralang Nangangailangan (Tunghayan ang Hakbang 1.3)<br>d) Ang Mental Health Resource Center ay nagkakaloob ng suporta, tagapangasiwa, at pagsangguni sa mga patuloy na nagpapagamot sa kaisipan at suporta.<br>e) Pagkukuhanan ng suporta sa pag-uugali<br>f) Restorative Justice and Positive Behavior and Intervention Support (PBIS) – pinalawak sa buong distrito.<br>g) Magkaloob ng karagdagang pagtutok na suporta sa mga mag-aaral na may kapansanan, kabilang ang kapansanan sa kaisipan at paglilingkod na suporta sa pag-uugali, at pagtutulungang PBIS. (Tunghayan ang Hakbang 1.7) | |
| | **4.2 Magkaloob para sa Kalusugan at Kabutihan ng Mag-aaral**<br>a) Paglilingkod ng nars<br>b) Klinika at pakikipagtulungan sa kalusugan<br>c) Pagsagawa ng malawak na pamalakad ng kabutihan sa distrito<br>d) Magkaloob ng karagdagang nakatutok na suporta para sa mga mag-aaral na may kapansanan. (Tunghayan ang Hakbang 1.7) | |
| | **4.3 Karagdagang Suporta sa Kabataang Lumilipat**<br>a) Maayos na suporta at paglilingkod: Subaybayan at tasahin ang mga pangangailangan ng mag-aaral at pagsulong sa pag-aaral at magkaloob ng nararapat na maayos na paglilingkod at suporta na magtataguyod ng matatag na pag-aaral, tagumpay sa pag-aaral, at pangkalahatang kaayusan ng mag-aaral, kabilang: pagtuturo, pagpayo at paggabay, payo sa pag-aaral, pases sa sasakyan, tagapagsalita sa loob ng distrito at sa ibang ahensiya.<br>b) Pagproseso ng Paaralan para sa pagkilala at suporta: Makikipag-ayos sa mga kagawad ng paaralan na luminang at ayusin ang proseso upang matiyak na ang mga mag-aaral na naglilipag ay makikilala at mabigyan ng sapat na suporta.<br>c) Tagapagturo: Samahan ang mga nanganganib na kabataan ng tagapagturo upang subaybayan at magbigay ng suporta sa pagpasok, pag-uugali, at magagawa sa pag-aaral.<br>d) Provide for basic needs: Provide for essentials including: School supplies, basic clothing and hygiene items, and food (to take home).<br>e) Magbigay ng dalubhasang paglinang sa mga guro at kawani ng paaralan (kabilang ang Trauma Informed Care) upang tulungan ang mga kawaning maunawaan at malinang ang kakayahang mabisang masuportahan ang mga mag-aaral na ang buhay ay nababalot ng takot.<br>f) Karagdagang tinututukang proyekto at programa na tutugon sa mga tuwirang pangangailangan ng mag-aaral gaya ng: | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| paaralan.<br>Pananatilihing 100% | programang Summer Refugee Bridge para sa mga Somali and Burmese Refugees | |
| | **4.4 Karunungan sa Kultura**<br>a) Maghanap ng mga guro at kawani na may nalalaman at nagtataglay ng karunungan sa kultura at nakikitungo sa magkakaibang lahi ng mag-aaral. (Tunghayan ang Hakbang 3.1 at 4.6)<br>b) Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Race Human Relations and Advocacy, ang tanggapang sentral at mga kawani ng paaralan ay bumubuo ng kakayahan ng lahat ng kawani na makitungo sa magkakaibang mag-aaral, pamilya, at kawani. (Tunghayan ang Hakbang 1.6)<br>c) Bumalangkas at maglinang ng pagsasanay at suportang may kaugnayan sa Safe Schools and Safe Spaces na nabalangkas para sa ating magkakaibang mag-aaral (hal LGBTQ) | |
| | **4.5 Mga Sumusuportang Kawani at mga Pagkukuhanan sa Paaralan**<br>a) Maghanap, kumuha, at magsanay ng marurunong na kawani at sumusuportang kawani na nagtataguyod ng magiliw na pagtanggap sa paaralan, sa pagpasok sa paaralan, at nagkakaloob ng mabuting pangangasiwa at suporta para sa mga mag-aaral, magulang, at kawani.<br>b) Magkaloob ng mga kawaning marunong ng dalawang wika na magtataguyod ng mabuting pakikitungo at pakikipag-ugnayan sa mga magulang at pamilya ng EL.<br>c) Magkaloob ng pangkalahatang gamit at gastusin sa pangangasiwa.<br>d) Magkaloob ng pagsasanay at mga pagbabago upang matiyak ng mahusay at marunong na kawani. | |
| | **4.6 Pagkaing Pampalusog at Masustansiya**<br>Upang itaguyod ang malusog na mga mag-aaral na makakapag-aral nang mabuti, magkaloob sa lahat ng mag-aaral na magkaroon ng masarap, pampalusog, at katakamtakam na pagkain. Magkaroon ng mga putahe na tumutugon sa pamantayan ng USDA at nag-aalok ng maraming pagkaing para sa mag-aaral at pinagtibay na mga putahe. Ang mga programa at putahe ay kabilang:<br>a) Almusal sa Silid-aralan at Morning Break Cafe<br>b) Programang Pagtatanim Hardin sa Paaralan at Kapehan – magkaloob ng tanim mula sa taniman ng bayan at sa hardin ng paaralan para sa salad bar ng paaralan.<br>c) Smart Phone – SDUSD Menu App – magkaloob sa mga mag-aaral at pamilya ng madaling makakuha ng lahat ng putahe ng paaralan, kabilang ang mga larawan, masustansiya, at walang masamang ibubunga. | |
| | **4.7 Nakakaakit, Malinis, at Maayos na mga Paaralan**<br>a) Magkaloob ng malinis at nakakaakit ng mga paaralan.<br>b) Magkaroon ng mga paaralan na maayos at walang sira.<br>c) Magkaloob ng mga kailangang mga gamit at kagamitan.<br>d) Pangasiwaan ang mga paaralan sa isang kapaligirang matiwasay at may pananagutan.<br>e) Magkaloob ng pagsasanay at mga pagbabago upang matiyak ang mahuhusay at marunong na mga kawani. | |
| | **4.8 Ligtas na mga Paaralan**<br>a) Tiyakin ang matiwasay na paaralan ay ang pinangungunahan na binabantayan ng mga kawani ng paaralan kasama ang suporta ng Tanggapan ng Pulis;ang School Safety Plans ay inaayos bawa't taon.<br>b) Sinusuri, sinusubaybayan at binabago ang mga kasangkapan at kagamitan (hal. mga sistema ng pakikipag-ugnayan sa | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| | oras ng biglang pangangailangan).<br>c) Magkaloob ng pagsasanay at mga pagbabago upang matiyak ang mahuhusay at marurunong na mga kawani. | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| **ADHIKAIN 5:** | **5 Pakikilahok ng Magulang at Mamamayan na Mataas ang Pagkakilala sa mga Kapaligirang Paaralan na Naglilingkod sa mga Mag-aaral, Pamilya, at Bayan.**<br>Ang mga magulang at mamamayan at nakikilahok at nagtutulungan sa lahat ng paaralang sumusuporta sa pag-aaral ng mag-aaral. Ang mga kapaligirang paaralan ay tinitingala sa kanilang kahusayan bilang lugar na nagbibigay ng karagdagang pag-aaral at mga pagkakataon sa pagpapabuti, at pag-aaral at paglilingkod ng bayan. | Kaugnay na Uunahin ng Estado at Bayan:<br>Estado: 1 2 3 4 5 6 7 8<br>Bayan: 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 |

| Mga Susukatin | Mga Hakbang | Pinondong Gagastusin |
|---|---|---|
| **1.** Surbey sa Kalagayan ng Paaralan - Gumawa ng kriterya at guhit na basehan para sa iba't-ibang gagawin (hal., katiwasayan, pagiging palakaibiganin) batay sa surbey sa kalagayan ng paaralan.<br>**2. Paggamit ng Magulang sa Kapangyarihan ng Paaralan** - kabahaginan ng ng magulang na gumagamit PowerSchool parent portal. Guhit na Basehan + 10%<br>**3.** Nakaraang kalagayan ng pumapasok sa paaralan - gumawa ng kriterya at guhit na basehan.<br>**4.** Datos ng paglalarawan ng cluster - Gumawa ng guhit na basehan para sa kabahaginan ng mga mag-aaral na inilalarawan sa mga paaralan sa kanilang cluster. | **5.1 Mahalagang Pakikilahok at Pagsali**<br>a) Gumawa at magsagawa ng mabisang mga komite sa paaralan at distrito, kabilang ang School Site Council (SSC), Site Governance Team (SGT), English Learning Advisory Committee (ELAC/DELAC), Community Advisory Committee (CAC) para sa kakaibang pag-aaral. Ang pagsasanay at ipagkakaloob at ang mga kasangkapan at pagkukuhanan ay sinusuri, binabago, at pinapalitan kung kinakailangan upang sumuporta sa mabisang pagsasagawa.<br>b) Mga paaralang tumatanggap ng pondong Title I at magkaloob para sa pagsali ng magulang na tumutugon sa pangangailangan ng magulang at pamilya.<br>c) Magkaloob ng mga pagkakataon at pagkukunan para sa mga magulang/tagapag-alaga sa pagsuporta sa pag-aaral ng kanilang anak sa bahay at ang kanilang tungkulin sa paghahanda ng kanilang mga anak para sa kolehiyo at karera. Kabilang ang paggabay sa paghanap sa sistema ng paaralan at paghanap ng pagkukunan sa pagsuporta sa pag-aaral sa bahay.<br>d) Magkaloob ng mga pagkakataong pakikilahok ng distrito at pamilya na magbibigay sa at susuporta sa kapaligirang kultura, pangyayari, at pangangailangan.<br>e) Isali ang bayan sa malawak na pakikipag-usap at pagsusuri sa mga usapin ng lahi, wika, at kultura, kabilang ang mga usaping LGBTQ. | |
| | **5.2 Tulong at Suporta ng Magulang at Mamamayan**<br>a) Ang Quality Assurance Office ay madaling lapitan at tumutugon sa mga magulang at mamamayan na nagbibigay ng mga alalahanin at naghahanap ng tulong.<br>b) Magkaloob ng kasalukuyan, tama, at napapanahong pakikipag-ugnayan sa mga magulang tungkol sa pag-aaral ng mag-aaral (hal., Naviance, Website, mga tawag, pakikipag-ugnayang magulang at guro).<br>c) Pinagbuting pamaraan ng pakikipag-ugnayan ng distrito at mga balangkas sa tamang panahon at madaling paggamit sa mga kaalaman, suporta at pagkukuhanan. (Tunghayan ang Hakbang 6.2) | |
| | **5.3 Paglilingkod sa Pagsalin sa Wika at Pagbigay Kahulugan**<br>Magkaloob ng pagsalin sa wika at pagbigay kahulugan para sa mabisang pakikipag-ugnayan, pakikitungo, at pagsali. Suriin at tugunan ang mga tuwirang mga pangangailangan at nais sa pakikipag-ugnayan. Provide translation and interpretation services to facilitate effective communication, engagement, and participation. | |
| | **5.4 Mga Pagpipilian sa Pagpasok at mga Pagkakataon**<br>a) Lugar ng Papasukan: Magkaroon ng madali, maayos, at umaakit na lugar ng papasukan na ipinakikita ang suporta ng | |

WORKING DOCUMENT

| | | |
|---|---|---|
| | kapaligiran at mga distritong paaralan.<br>b) Madaling makuhang mga kaalaman sa paaralan: Suriin, baguhin, at ayusin ang websayt ng distrito at paaralan, kasama ang dashboards.<br>c) Paraan ng Pagpalista sa Paaralan: Subaybayan at suriin ang pagdagdag/pagbawas sa paaralan, cluster, at kapaligirang pagpalista at pagsali.<br>d) Magkaroon ng mga paraan ng pakikipag-ugnayan at pagkuha upang maseguro ang pagsali ng lahat ng karapatdapat na mga mag-aaral sa pre-K at TK. | |
| | **5.5 Maayos na mga Pamaraan ng Cluster.**<br>Bumuo at magsagawa ng mga pamaraang nakaayos para sa bawa't cluster.<br>a) Ihanay ang lahat ng mga programa sa aralin: pre-K – 12.<br>b) Suriin ang kapalit na aralin at suportahan ang mga programa, magkaloob ng mga tinutukang binalikang pagbawi ng kredito at suporta sa pansariling pag-aaral para sa limang nakilalang mataas ang pangangailangang mga mataas na paaralan.<br>c) Kilalanin, suriin, at palawigan ang matagumpay na mga programa sa mga tinututukang cluster (hal., dual-language, VAPA, STEAM). | |
| | **5.6 Kaugnayan at Pagsasamahan ng Bayan**<br>a) Magkaloob ng sistema para sa malakas na pakikipag-ugnayan ng distrito sa bayan, mga samahan, at mga sangay ng pamahalaan.<br>b) Bumuo, panatilihin, at palawigain ang pagsasamahan ng bayan upang suportahan ang pakikilahok ng pamilya at pag-aaral ng mag-aaral.<br>c) Manguha ng kurokuro mula sa bayan upang tulungang makita ang mga kailangan sa pag-aaral at paglilingkod sa pakikikapuwa. | |

WORKING DOCUMENT

| ADHIKAIN 6: | 6. **Maayos na Paglilingkod na Suporta at Pakikipag-ugnayan sa Buong Distrito**<br>Lahat ng bahagi ng samahan - kagawad at imprastraktura - nagtutulunga ng pagsuporta sa tagumpay ng mag-aaral sa pamamagitan ng mahusay nga mga paaralan sa bawa't kapaligiran. | Kaugnay sa Uunahin ng Estado at Bayan:<br>Estado: 1 2 3 4 5 6 7 8<br>Bayan: 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10 11 12 |
|---|---|---|

| Mga Susukatin | Mga Hakbang | Pinondong Gagastusin |
|---|---|---|
| | **6.1 Karaniwang mga Paglilingkod at Imprastraktura**<br><br>Magkaloob ng imprastraktura sa distritopara sa mga karaniwang na paglilingkod sa katiyakan ng mabisang suporta sa buong sistema para sa mga paaralan at kagawad, kabilang:<br>• Pinansiyal, Pasuweldo, Pangkalap<br>• Legal, Batas, Risk Management, Labor Relations, Charter<br>• Human Resources<br>• Ibang Pangasiwaan (e.g Pamumud, Real Estate)<br>• Pagbiga-Kaalamang Teknolohiya (IT) | |
| | **6.2 Pakikipag-ugnayan**<br>Magkaloob ng mabisang sistema sa pakikipag-ugnayan sa buong distrito at mga paraan sa loob ng distrito at ipinaaabot sa mga nasa labas na namumuhunan. Palawakin ang karagdagang mga pamaraan sa mabisang maabot ang lahat ng namumuhunan. (Tunghayan ang mga Hakbang 5.1-6) | |

WORKING DOCUMENT